

Bakit mag-aabalang lumipat?

Ang iyong bayarin sa kuryente ay malaking bahagi ng iyong mga gastusin sa bahay. Sa paglalaan ng oras upang paghambingin ang mga alok sa online at lumipat pagkatapos, maaari kang makatipid nang hindi umaalis ng bahay.

Napag-alaman ng mahigit kalahati ng mga bisita sa Victorian Energy Compare na maaari silang makatipid ng \$330 sa kanilang taunang bayarin sa kuryente sa pamamagitan ng paglipat sa mas magandang alok.

Ilan ang mga pagpipilian ko sa enerhiya?

Maraming magkakaribal sa merkado ng enerhiya sa Victoria – may higit sa 20 mga tagapagtingi (retailer) ng enerhiya at maraming mga tagapagtingi ang nag-aalok ng higit sa isang plano sa gaas, kuryente at solar. Baka hindi mo na kailangang magbago ng tagapagtingi; magtanong lamang sa iyong kasalukuyang tagapagtingi kung mayroon silang mas magandang alok!

Bakit ako mag-aabalang maghanap ng mas magandang alok?

Maaari kang magbago ng isip pagkatapos mong sumang-ayon sa isang bagong plano

Tulad ng mga alok sa mobile phone, maraming mga pagkakaiba sa mga plano ng mga tagapagtingi. Para sa kuryente, mayroong mga planong flat rate at mga planong naiaakma ang presyo. Nag-aalok din ang ilang mga tagapagtingi ng enerhiya ng mga dual fuel deal (mas murang kuryente at gaas mula sa iisang suplayer) at ang iba pang mga alok at insentibo.

Ito ay nangangahulugan na maraming mga opsyon na makukuha – mabuting pag-aralan ang mga ito upang mahanap ang tamang alok na tutugon sa iyong mga pangangailangan at badyet.

Paano ko malalaman kung aling alok ang pinakamabuti para sa akin?

Pumunta sa [Victorian Energy Compare](#) kung saan mabilis mong maikukumpara ang lahat ng mga alok na kuryente, gaas at solar na makukuha sa inyong lugar.

Maaari ba akong magbago ng isip matapos sumang-ayon sa isang bagong plano?

Oo, ngunit sa loob lamang ng isang takdang panahon. Kung kinontak mo ang tagapagtingi, ikaw ay may hindi bababa sa 5 araw ng negosyo upang kanselahin ang plano. Kung ikaw ang unang nilapitan ng tagapagtingi, mayroon kang 10 araw ng negosyo pagkatapos matanggap ang pinirmahang kontrata. Bisitahin ang [YourChoice](#) para sa karagdagang mga detalye.



Kung kailangan mo ng tulong, kontakin lamang ang Serbisyo ng Pagsasalinwika at Pag-iinterpretar (TIS) para sa tulong sa pagsasalin at pagpapaliwanag sa wika. Kontakin ang TIS National sa 131 450 (sa Australya) o bisitahin ang www.tisnational.gov.au



Environment,
Land, Water
and Planning